



Mga kuwento ng COVID-19

Ang COVID-19 ay nasa komunidad pa rin. Maaaring magsanhi ito ng malubhang pagkakasakit sa ilang taong may kapansanan.

Sa isang serye ng maiikling video, ang mga karaniwang Australyano na may karanasan ng kapansanan ay nag-uusap tungkol sa:

- kung bakit nila piniling magpabakuna laban sa COVID-19
- kung bakit mahalaga sa kanila na magsagawa ng mga ligtas sa COVID na pag-uugali.

Maaari mong panoorin ang mga video sa: disabilitygateway.gov.au/COVIDstories

Pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang pagbabakuna ay nagbibigay sa iyo ng karagdagang proteksyon laban sa pagkakasakit nang malubha mula sa COVID-19.

Karamihan sa mga nasa hustong gulang ay maaaring makakuha ng booster dose tuwing 12 buwan. Inirerekomenda na ang ilang nasa hustong gulang ay kumuha ng booster dose kada 6 na buwan.

Para matulungan kang magpasya kung dapat kang kumuha ng isa pang dosis ng pagbabakuna laban sa COVID-19, maaari kang makipag-usap sa:

- iyong doktor
- isang parmasyutiko
- iyong serbisyo ng NDIS
- isang Serbisyon Pangkalusugan para sa mga Aborihinal.

Mga ligtas sa COVID na pag-uugali

Maaari kang magpraktis ng mga pag-uugaling ligtas sa COVID sa pamamagitan ng:

- pananatili sa bahay kung masama ang iyong pakiramdam
- pagsusuot ng mask kung magagawa mo
- pagsunod sa wastong kalinisan, tulad ng paghuhugas ng iyong mga kamay
- pagpapanatili ng iyong distansya sa ibang tao.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Disability Gateway sa disabilitygateway.gov.au/covid19-support